# Barnebøker for Norge

barneboker.no

## Awit ni Sakima

Skrevet av: Ursula Nafula
Illustret av: Peris Wachuka
Oversatt av: Arlene Avila

Denne fortellingen kommer fra African Storybook (africanstorybook.org) og er videreformidlet av Barnebøker for Norge (barneboker.no), som tilbyr barnebøker på mange språk som snakkes i Norge.

Dette verket er lisensiert under en Creative Commons
Navngivelse 4.0 Internasjonal Lisens.
https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/deed.no

# Awit ni Sakima

Ursula Nafula
Peris Wachuka
Arlene Avila
tagalog
nivå 3

(uten bilder)

Nakatira si Sakima sa lupa ng pag-aari ng isang mayaman, kasama ang mga magulang at apat na taong gulang na kapatid.



Natuwa ang mayaman nang makitang buhay ang anak. Binigyan niya ng gantimpala si Sakima. Dinala niya ang anak sa ospital para ipagamot. At dinala rin niya si Sakima para magpa-opera ng mata.

Biglang dumating ang dalawang lalaki na may dalang stretcher. Natagpuan nila ang anak ng mayaman, na iniwan lang sa daan matapos bugbugin.



Nagkasakit si Sakima noong siya ay tatlong taong gulang at mula noon ay naging bulag siya.

Maraming nagagawa si Sakima na hindi kayang gawin ng ibang anim na taong gulang bata. Kaya niyang makipagtalakayan sa mga nakakatanda tungkol sa mga mabibigat na bagay.



Natapos ni Sakima ang isang awit at balak na sana niyang umalis. Hinabol siya ng mayaman, “Pasuyo naman, umawit ka pa uli.”

Tumigil ang mga trabahador sa kanilang ginagawa. Sabi ng isa, “Wala pang nakakatulong sa amo natin. Akala ba ng bulag na ito na may magagawa siya?”



Namamasukan ang mga magulang ni Sakima sa bahay ng mayaman. Maaga silang umaalis at gabi na sila nakakauwi. Naiiwan si Sakima sa kanyang kapatid na babae.

Mahilig kumanta si Sakima. Kaya isang araw, natanong ng ina, “Saan galing ang mga awit na ito, Sakima?”



Tumayo siya sa ilalim ng bintana at nagsimulang kumanta. Unti-unting dumungaw ang mayaman.

Kinaumagahan, inakay si Sakima ng kanyang kapatid papunta sa bahay ng mayaman.



“Kusa na lang po silang dumarating, ‘Nay. Naririnig ko sila sa isip ko kaya kinakanta ko,” sagot ni Sakima.

Gustong gusto ni Sakima kumanta, lalo na pag gutom ang kanyang kapatid. Nakikinig ito nang mabuti at sumasayaw sa tunog ng kantang kayang pumawi ng gutom.



Hindi sumuko si Sakima. Pinagtanggol din siya ng kapatid, “Nawawala ang gutom ko pag kumakanta si Kuya. Baka naman matulungan din niya ang taong mayaman.”

"Siguro sasaya siya kung kakanta ako," sabi ni Sakima. "Hindi ka makakatulong. Napakayaman niya. Isa ka lang bulag. Ano sa palagay mo magagawa mo?" sabi ng mga magulang.



"Kanta ka uli, Kuya Sakima," sabi ng kapatid. At kakanta si Sakima ng paulit-ulit.

Isang gabi, tahimik ang kanyang mga magulang. Naramdaman agad ni Sakima na may problema.



“Ano po ang nangyari, ‘Tay, ‘Nay?” tanong ni Sakima. Nalaman niya na nawawala ang anak ng mayamang amo ng magulang. Labis ang lungkot nito.